Ang Pananampalataya ay higit sa pitumpu o higit sa animnapung sangay. Ang pinakamainam sa mga ito ay ang pagsabi ng Walang Diyos kundi si Allah, at ang pinakamababa sa mga ito ay ang pag-aalis ng nakasasakit palayo sa daan. Ang pagkahiya ay isang sangay ng Pananampalataya.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Ang Pananampalataya ay higit sa pitumpu o higit sa animnapung sangay. Ang pinakamainam sa mga ito ay ang pagsabi ng Walang Diyos kundi si Allah, at ang pinakamababa sa mga ito ay ang pag-aalis ng nakasasakit palayo sa daan. Ang pagkahiya ay isang sangay ng Pananampalataya."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang Pananampalataya ay hindi iisang katangian o iisang sangay, bagkus ito ay maraming sangay: higit sa pitumpu o higit sa animnapung sangay subalit ang pinakamainam sa mga ito ay iisang pangungusap. Ito ay ang Walang Diyos kundi si Allah. Ang pinakamadali sa mga ito ay ang pag-aalis ng bawat nakasasakit sa mga nagdaraan gaya ng bato o tinik o iba pa roon mula sa daan. Ang pagkahiya ay isang sangay ng Pananampalataya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3276